

# LOOMBANDS AT KABAONG

ANDRIAN LEGASPI

Sandok at aparador  
Balabal ni Dumbledore  
Kabaong ni Kamatayan  
Loombands sa Meycauayan  
Gawa sa Tsina  
Made in China

Tinidor ni Lucifer  
Bote ng Cherifer  
Chicken feeds ni San Pedro  
Turtleneck mong retro  
Gawa sa Tsina  
Made in China

Pana ni Legolas  
Shorpit ni Mang Kulas  
Pako sa krus  
Long sleeves ni Tirso Cruz  
Gawa sa Tsina  
Made in China

Pag-ibig ko sa 'yo  
Hindi gawa sa Tsina  
Hindi made in China  
Chos